



Polyeto ng
mga Magulang



Pag-alam nang Higit Pa Tungkol sa Pagkatuto ng mga Bata

Masayang Pagkatuto sa Pamamagitan ng Laro Hanggang sa Dulo

Balanseng Pag-unlad sa Lahat ng Paraan




Suriang Pag-unlad ng Kurikulum, Kawanihan ng Edukasyon
Ang Pamahalaan ng Espesyal na Administratibong Rehiyon ng
Hong Kong




Anu-ano ang mga katangian ng mga bata?

- Ang mga bata ay **mga natatanging indibidwal** na ang mga personalidad, kakayahan, interes at mga paraan ng pag-unlad ay magkakaiba.
- Ang mga bata ay **puno ng pagkamausisa** at natutuwang gamitin ang mga pandama upang matuto ng mga bagong bagay.
- Gumagamit ang mga bata ng iba't ibang mga paraan ng pag-aaral **batay sa kanilang mga naunang karanasan at kakayahan.**
- **Mahilig maglaro** ang mga bata at gumanap ng aktibong papel sa pagsisiyasat sa pamamagitan ng paglalaro pakikipagtulungan at paggagaya sa kanilang mga kaibigan.



Ano ang direksyon para sa pagpapaunlad ng kurikulum sa Edukasyon ng Kindergarten?

Ang "**pagsentro sa bata**" ay ang pangunahing halaga ng kurikulum sa Edukasyon ng Kindergarten. Itinataguyod nito ang isang angkop sa edad at balanseng pag-unlad sa mga bata sa mga larangan ng **etika, talino, katawan, kasanayang panlipunan at estetika.**



Anu-ano ang mga layunin ng kurikulum sa Edukasyon ng Kindergarten?

- Upang pagyamanin sa mga bata ang
 - ❖ **balanseng pag-unlad** sa mga larangan ng **etika, talino, anyo ng katawan, mga kasanayang panlipunan at estetika**
 - ❖ **magandang ugali ng pamumuhay** at paglilinang ng **isang malakas at malusog na katawan**
 - ❖ **interes** sa pagkatuto, **matanong na pag-iisip** at **pagkasabik sa pagsisiyasat**
 - ❖ **positibong pagpapahalaga** at **saloobin**



Anu-ano ang mga personal na katangian na inaasahan natin sa ating mga anak?

- Sa pagtatapos ng edukasyon sa kindergarten, ang ating mga anak ay magiging **malusog, masaya, aktibo, matanong, malikhain at handang makipag-usap sa iba.**

Ang mga Kindergarten na lalahok sa "Iskema ng Libreng de Kalidad na Edukasyon sa Kindergarten" ay marapat na sumangguni sa nararapat na Gabay ng Kurikulum na inihanda ng Konseho ng Pag-unlad ng Kurikulum sa **pagpapalano ng isang kurikulum na nakabatay sa paaralan na nababagay sa pag-unlad ng mga bata, at gumamit ng mga angkop na estratehiya sa pag-aaral at pagtuturo** upang mapangalagaan ang mga bata at makamit ang mga layunin ng kurikulum na binanggit sa itaas.






Ano ang isang kapaligiran na kaayaaya sa pag-aaral ng mga bata?

- Ang mga bata ay dapat matuto sa isang **kapaligiran na may pagtanggap, paghihikayat at suporta.**
- Sa mga hindi nagsasalita ng Tsino (NCS) o mga bagong dating na bata, ang unti-unting pag-unawa at pag-aangkop sa lokal na pamumuhay at kultura ay makakatulong sa kanila na maisama sa kindergarten at buhay sa komunidad sa maagang panahon.



Ano ang matututuhan ng mga bata sa mga kindergarten?

Ang kurikulum sa kurso sa Edukasyon ng Kindergarten ay binubuo ng tatlong magkakaugnay na mga sangkap, ang mga ito ay **"Mga Pagpapahalaga at Saloobin", "Mga Kasanayan" at "Kaalaman"** at sumasaklaw sa anim na dimensiyon ng pagkatuto kasama ang **"Sarili at Lipunan", "Kalikasan at Pamumuhay", "Pisikal na Kalakasan ng Katawan at Kalusugan", "Sining at Pagkamalikhain", "Matematika para sa Maagang Pagkabata", at "Wika".**





Paano natututo ang mga bata sa mga kindergarten?



Pinagsamang paraan at mga tema ng tunay na buhay

- Hindi tulad ng mga paaralang primarya at sekondarya, **hindi kasama ang pagtuturo ng mga paksa para sa mga kindergarten**. Sa halip, ay isinasaalang-alang nito ang mga interes ng mga bata, mga hakbang ng pag-unlad, mga kakayahan at mga naunang kaalaman. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga **tema ng tunay na buhay** tulad ng mga paksa na may kaugnayan sa buhay ng mga bata, pagsasama at pagkokonekta ng mga nilalaman ng iba't ibang lugar ng pag-aaral, at pagsasama ng mga karanasan sa buhay, ang interes ng mga bata sa pag-aaral ay unti-unting pinahuhusay at ang pag-aaral ay nagiging makabuluhan sapagkat maaaring isagawa ng mga bata kung ano ang kanilang natutunan.



Pagkatuto sa pamamagitan ng laro

- Ang pagdidisenyo ng naaangkop at sari-saring laro sa silid-aralan ay ang pangunahing paraan sa pag-aaral at pagtuturo at mapapahusay ang pagganyak at interes ng mga bata sa pag-aaral, **mapapangasiwaan ang kanilang mga kognitibo, pisyolohikal at sikolohikal na pag-unlad sa iba't ibang mga aspekto tulad** sa komunikasyon, mga kasanayan sa paglutas ng problema, malikhaing pag-iisip, pisikal na pag-unlad, at pagpapayaman ng mga positibong pagpahalaga at saloobin.



Mga nakakawiling gawain sa wika

- **Sa pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng pag-unlad ng mga bata at kakayahan sa wika**, ang mga nasa kindergarten ay maaaring gumamit ng mga mapagkukunan mula sa araw-araw na pamumuhay at mabigyan ng isang kapaligiran na mayaman sa wika. Sa pamamagitan ng mga kagiliw-giliw na mga gawain sa pakikinig at pagsasalita tulad ng pag-awit ng mga awiting pambata, pakikinig sa mga kuwento at pang-araw-araw na pag-uusap, ang mga kindergarten ay maaari ring makatulong sa mga bata na **magkaroon ng tiwala sa paggamit ng wika at komunikasyon sa iba**. Para sa pagpapaunlad ng mga maliliit na kasanayan sa paggalaw ng mga bata, naaangkop lamang sa mga bata na matutong humawak ng lapis at magsulat mula sa K2. Samakatuwid, **hindi kailangang atasan ng mga magulang ang kanilang mga anak na nasa K1 ang paghawak ng isang lapis at pagsulat**.

Ang website ng EDB (www.edb.gov.hk) ay nagbigay ng kaugnay na impormasyon. Mangyaring iscan ang QR code sa kanan para sa impormasyon.



QR Code
(Bersiyong
Ingles lamang)


Paano makikipagtulungan ang mga magulang sa mga kindergarten upang matulungan ang mga bata na lumaki nang malusog at mahalín ang pagkatuto?

- **Ang mga inaasahan ng mga magulang sa mga bata, estilo ng pagiging magulang, pang-araw-araw na komunikasyon at pag-aayos para sa mga aktibidad sa paglilibang** ay magkakaroon ng malalim na epekto sa pag-aaral at pag-unlad ng mga bata.
- Sa pang-araw-araw na buhay, ang mga magulang ay makapagpapatibay ng mga **kakayahan sa pag-aalaga sa sarili ng mga bata, buhay na ugali at malusog na pamumuhay** na alinsunod sa mga hakbang. Halimbawa, ang mga magulang ay maaaring magturo sa kanilang mga anak na ihanda ang kanilang mga gamit para sa paaralan at linisin ang kanilang mga laruan, maglinis at magsuot ng mga damit at sapatos, hindi maging mapili sa pagkain, magkaroon ng interes sa pagbabasa at isang ugali ng ehersisyo, at magkaroon ng karaniwan na gawain para sa pagtulog at trabaho.



- Bago matanggap ang mga bata sa Unang Baitang sa Primarya ang mga magulang ay maaaring makilahok sa mga aktibidad na may kaugnayan sa karaniwang hangganan sa pagitan ng Kindergarten at Unang Baitang sa Primarya na ginaganap sa mga kaugnay na mga kindergarten at mga primaryag paaralan upang maintindihan ang buhay at mga paraan ng pag-aaral sa Unang Baitang sa Primarya. Maaari rin nilang sabihin sa mga paaralan kung mayroon silang anumang mga alalahanin. **Hindi dapat atasan** ng mga magulang ang mga bata sa kindergarten na aralin ang kurikulum para sa mga primaryang paaralan, **maagang magdikta ng mahihirap na salita, bigkasin o matuto sa pamamagitan ng pag-ulit-ulit ng nilalaman o may mekanikal na pagkopya** sapagkat maari nitong pahinain ang interes sa pag-aaral ng mga bata at makakaapekto sa kanilang pisyolohikal at sikolohikal na pag-unlad. Hindi rin kanais-nais para sa mga magulang na ihanda ang kanilang mga anak na dumalo sa "klase ng pakikipanayam" o "tutoryal na klase" bilang paghahanda para sa pag-akyat sa Unang Baitang sa Primarya sapagkat maaring makaramdam ang mga bata ng presyur at mawalan ng interes sa napapanatiling pag-aaral.
- Kung **ang mga magulang ay sumasang-ayon sa mga layunin ng kurikulum sa Edukasyon ng Kindergarten**, aktibong lumahok sa mga pag-uusap at palihan para sa mga magulang pati na rin sa mga gawain ng magulang at anak na inayos ayon sa mga

paaralan o komunidad, at malapit na nakikipagtulungan sa mga guro at masusing nagbibigay pansin sa kapakanan ng mga bata, ito ay magiging kapaki-pakinabang sa pagsulong ng komprehensibo at balanseng pag-unlad ng mga bata.



Para sa mga hakbang na may kaugnayan sa karaniwang hangganan sa pagitan ng kindergarten at primaryang edukasyon, mangyaring bisitahin ang website ng EDB (www.edb.gov.hk) at idownload ang munting aklat na "Pagpapahusay ng Maayos na Transisyon mula sa Kindergarten papunta sa Primaryang Paaralan" (Tsino na bersyon lamang) o sa pagscan sa QR code sa kanan.



**QR Code
(Bersiyong
Tsino lamang)**